



OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

EXCERPTS FROM THE MINUTES OF THE REGULAR SESSION OF THE SANGGUNIANG BAYAN OF ROXAS, ORIENTAL MINDORO HELD ON 15 JULY 1996, 9:00 A.M. AT THE SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL.

Present:

Vice Mayor Jesus M. Dinapilis	- Presiding Officer
Kagawad Cesar T. Batocosa	- Member
Kagawad Ferdinand V. Talens	- Member
Kagawad Angeles D. Bautista	- Member
Kagawad Ramil O. Dinapilis	- Member
Kagawad Jesus S. Dela Cruz	- Member
Kagawad Ramulfo C. Bernal	- Member
Kagawad Juanito A. Baway, Jr.	- Member
Kagawad Honesto O. Taytay	- Member
Kagawad Eduardo O. Villamin	- Member, ABC President



Absent:

Kagawad Randy P. Valencia	- Member, SK Chairman
---------------------------	-----------------------

KAPASIHAN BLO. 068
Taong 1996

KAPASIHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA PROVINCIAL ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICER, G. SAMUEL DE LEON, UPANG ISAAYOS (RELOCATE) ANG MGA HANGGAHANG PAMPULITIKA (POLITICAL BOUNDARIES) NG MGA BAYAN NG ROXAS AT BONGABONG NG LALAWIGANG ITO.

SAPAGKA'T ang hanggahang pampulitika ng mga bayan-bayan ay dapat na naisaayos nang wasto at malinaw upang maiwasan ang amnang gurot at di-pagkakaurawaan ng bawat isa;

SAPAGKA'T ang kawastuan ng paglalagay ng mga hanggahang ito ay mahalaga sa pagsasagawa ng mga proyekto, mga hakbangin at mga gawaing pangkauraran para sa mga nasasakupan;

SAPAGKA'T sa kasalukuyan ang hanggahan ng bayan ng Roxas at Bongabong ay hindi gaanong malinaw na naitakda dahilan sa malaking bahagi pa rin ng Roxas sa dakong Barangay San Rafael ay nasa loob ng sakop ng Bongabong;

SAPAGKA'T batay sa cadastral survey ang lugar na tapunan ng basura ng bayan ng Roxas ay sakop pa ng Barangay San Rafael ng bayang ito subalit ang tanging panghanggahan (boundary marker) na inilagay ng lalawigan ay hindi nasakop ang dumpsite na nabanggit;

SAPAGKA'T upang mabigyang-linaw at kalutasan ang pag-aangkin sa mga hanggahan, nararapat lamang na ito'y itukoy sa karampatang autoridad na siyang makapagbibigay ng wastong datos at basehan ng mga ito; at

SAPAGKA'T ang bagay na ito ng political boundary ng Roxas at Bongabong na isinagawa ng cadastral survey ng Roxas Cadastre CAD 506, Case 17, Barangay San Rafael na sinukat noong

eele

[Signature]

taong 1982 kung saan maliwanag na makikita ang mga hangga-
han ng bayan ng Roxas at Bongabong ay mapitagang itimutu-
koy sa PENRO upang kanilang isaayos ang mga hanggangang
nabanggit.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Juanito A. Baco, Jr. na pinanga-
lawahan ni Kagawad Jesus S. Dela Cruz -


IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang hilingin sa Pro-
vincial Environment and Natural Resources Office upang
isaayos (relocate) ang mga hanggangang pampolitika (poli-
tical boundaries) ng mga bayan ng Roxas at Bongabong ng
lalawigan ito.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyehang ito kay G. Samuel
de Leon, Provincial Environment and Natural Resources
Officer, PENRO, Calapan, Silangang Mindoro para sa kani-
lang maagap na pag-aksyon sa kahilingang ito.


IPINASYA PA RIN na padalhan ng sipi ang Kgg. Gobernador Rodolfo G.
Valencia at ang Sangguniang Panlalawigan, Calapan, Sila-
ngang Mindoro para sa kanilang suporta sa kahilingang ito,
gayundin ang Pamahalaang Bayan ng Bongabong para sa kani-
lang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay: 15 Hulyo 1996


CERTIFIED CORRECT:


VIOLETA P. FUENTES
Secretary to the Sanggunian

ATTESTED:


JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor

APPROVED:


GELACIO I. YASON
Municipal Mayor

mera/